



11 Enero 2015

Kapistahan ng Pagbibinyag sa Panginoon

Taong B

## LINGKOD NG PANGINOON

**A**ng pagbibinyag kay Hesus sa Ilog Jordan ay ang ikalawang “epipaniya”: ang ikalawang pagpapakita sa kanyang pagkatao at misyon. Ilang siglo ang nauna, si Propeta Isaias ay nagbalangkas ng bokasyon ng “**Lingkod ng Panginoon**” bilang ang taong puspos ng Espiritu ng Panginoon na “magpapairal ng katarungan sa sanlibutan.”

Tinupad ni Hesus ang hulang iyon. Ang kanyang misyon ay nangailangan ng pag-ako niya sa bigat ng kasalanan ng sangkatauhan, tulad ng inihula sa hulihan ng “Awit ng Lingkod” (sangguniin Isa 52:13-53:12). Ang kanyang pagnanais na binyagan kasama ng mga nagsisising makasalanan ay ang kanyang unang opisyal na hakbang sa pagtupad sa plano ng Ama.

Sa binyag ni Hesus, ipinaaalaala sa atin ang ating sariling binyag nang bigkasin ng Ama ang pinakamarilag na pangungusap na maaari nating marinig: “Ikaw ang aking anak na kinalulugdan!” Mamuhay tayo sa liwanag ng gayong walang kapantay na karangalan.



### PASIMULA



#### Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

**Nang si Hesus ay binyagan, nabuksan ang kalangitan at ang Espiritung Banal ay lumapag sa ulunan, kalapati’y anyong taglay.**

#### Pagbati

**P**–Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo nawa’y sumainyong lahat.

**B**– At sumaiyo rin!

#### Pagsisisi

**P**–Sa ating pagtitipon bilang mga mag-anak ng Diyos sa pagalaala sa binyag ni Hesus, isaisip natin ang ating mga pangako sa ating binyag at ang ating kabiguang igalang ang mga ito. (Tumahimik sandali.)

**P**–Panginoong Hesus, sa iyong binyag ipinakita mo ang ka-

handang pagbayaran ang aming mga kasalanan. Panginoon, kaawaan mo kami!

**B**–Panginoon, kaawaan mo kami!

**P**–Panginoong Hesus, sa iyong binyag ikaw ay ipinahayag bilang ang kinalulugdang Anak ng Diyos. Kristo, kaawaan mo kami!

**B**–Kristo, kaawaan mo kami!

**P**–Panginoong Hesus, sa iyong binyag ikaw ay hinirang na kasama ang Espiritu Santo. Panginoon, kaawaan mo kami!

**B**–Panginoon, kaawaan mo kami!

**P**–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

**B**–Amen!

#### Papuri

**B**–Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbu-

bunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

#### Panalanging Pambungad

**P**–Ama naming makapangyarihan, noong binyagan ang Mesiyas sa Ilog Jordan, bumaba sa kanya ang Espiritu Santo at sinabi mong ang iyong Anak na minamahal ay lubos mong kinalulugdan. Kaming mga isinilang mo bilang

mga anak sa tubig ng binyag at sa Espiritu Santo ay mamalagi nawang kalugud-lugod sa iyo, sa pamamagitan ni Hesukristo ngayon at magpasawalang hanggan.

**B – Amen!**

**PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS**



**Unang Pagbasa** Isa 42:1-4,6-7

*Nakita ng lahat ng salinlahing Kristiyyano sa “Lingkod ng Panginoon” ang katauhan/propesiya ng Hesus ng Nazaret, ang tanging lubos na kinalulugdan ng Ama.*

**L** – Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Isaias

Sinabi ng Panginoon, “Ito ang lingkod ko na aking itataas, na aking pinili at kinalulugdan; ibubuhos ko sa kanya ang aking Espiritu, at sa mga bansa ay siya ang magpapairal ng katarungan. Mahinahon at banayad kung siya’y magsalita, ni hindi magtataas ng kanyang tinig. Ang marupok na tambo’y hindi babaliin, ilaw na aandap-andap di n’ya papatayin, at ang katarungan ang paiiralin. Di siya mawawalan ng pag-asa ni masisiraan ng loob. Paghahariin niya ang katarungan sa daigdig. Ang mga bansa sa malayo ay buong pananabik na maghihintay sa kanyang mga turo.

Akong Panginoon, tumawag sa iyo, binigyan kita ng kapangyarihan upang pairalin ang katarungan sa daigdig. Sa pamamagitan mo ay gagawa ako ng pakikipagtipan sa lahat ng tao at magdadala ng liwanag sa lahat ng bansa. Ikaw ang magpapadilat sa mga bulag at magpapalaya sa mga bilanggo ng kadiliman.”

Ang Salita ng Diyos!

**B – Salamat sa Diyos!**

**Salmong Tugunan** Awit 28

**B – Basbas ng kapayapaa’y sa bayan ng Poong mahal!**

R. M. Velez



Bas-bas ng ka-pa-ya-pa-ay sa



ba-yan ng Po-ong Ma---hal!

\* Purihin ang Panginoon ninyong banal na nilalang, pagka’t siya ay dakila’t marangal ang kanyang ngalan. Ang Poon ay dakilain, purihin ang Diyos na Banal, yumuko ang bawa’t isa kapag siya ay dumatal.

**B.**

\* Sa gitna ng karagatan, tinig niya’y naririnig. Sa laot ng karagata’y hindi ito nalilingid. Pag nangusap na ang Poon, tinig niya’y ubod-lakas, nguni’t tinig kamahalan, kapag siya’y nangungusap.

**B.**

\* Ang tinig ng dakilang Diyos, parang kulog na malakas, kaya’t mga nasa templo’y sumisigaw, nagagalak, “Panginoon’y papurihan!” ganito ang binibigkas. Siya rin ang naghahari sa dagat na kalaliman, namumuno siya roon bilang hari, walang hanggan.

**B.**

**Ikalawang Pagbasa** Gw 10:34-38

*Nilalaman ng pagbasa sa araw na ito ang simula ng pangaral ni Pedro sa tahanan ng Romanong senturyon na si Cornelio. Ito’y ginagamit sa kapistahan sa araw na ito dahil sa pagbanggit kay Hesus na “ipinagkaloob sa kanya ng Diyos ang Espiritu Santo at kapangyarihan.”*

**L** – Pagpapahayag mula sa mga Gawa ng mga Apostol

Noong mga araw na iyon, nagsalita si Pedro, “Ngayon ko lubusang natanto na walang itinatangi ang Diyos. Nalulugod siya sa sinumang may takot sa kanya at gumagawa ng matuwid, kahit saang bansa. Ibinigay ng Diyos ang kanyang salita sa mga Israelita. Sa kanila niya ipinahayag ang Mabuting Balita tungkol sa pakikipagkasundo sa pamamagitan ni Hesukristo. Nguni’t siya’y Panginoon ng lahat! Alam ninyo ang nangyari sa buong Judea na nagsimula sa Galilea nang mangaral si Juan tungkol sa binyag. Ang sinasabi ko’y tungkol kay Hesus na taga-Nazaret. Ipinagkaloob sa kanya ng Diyos ang Espiritu Santo at ang kapangyarihan bilang katunayan na siya nga ang Hinirang. Sapagka’t sumasakanya ang Diyos, saanman siya pumaroon ay gumagawa siya ng kabutihan at nagpapagaling sa lahat ng pinahihirapan ng diyablo.”

Ang Salita ng Diyos!

**B – Salamat sa Diyos!**

**Aleluya**

Mc 9:6

**B – Aleluya! Aleluya!**

**Nagsalita ang D’yos Ama:**  
“Ang Anak kong sinisinta ay narito, dinggin n’yo s’ya!”  
**Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** Mc 1:7-11

*Itinatakda ng pagbinyag kay Hesus ang simula ng kanyang buhay-paglilingkod. Sa paglusong niya sa tubig ng Ilog Jordan, tinanggap niya ang pormal na pagpapahayag bilang ang pina-kahihintay na Mesiyas/Lingkod na kinalulugdan ng Ama.*

**P** – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos

**B** – Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon: Sinasabi ni Juan Bautista sa kanyang pangangaral: “Darating na kasunod ko ang isang makapangyarihan kaysa akin: ni hindi ako karapat-dapat magkalag ng tali ng kanyang mga panyapak. Binibinyagan ko kayo sa tubig, nguni’t bibinyagan niya kayo sa Espiritu Santo.”

Hindi nagluwat, dumating si Hesus mula sa Nazaret, Galilea, at siya’y bininyagan ni Juan sa Ilog Jordan. Pagkaahung-pagkaahon ni Hesus sa tubig ay nakita niyang nabuksan ang kalangitan, at bumababa sa kanya ang Espiritu na gaya ng isang kalapati. At isang tinig ang nagmula sa langit: “Ikaw ang minamahal kong Anak, lubos kitang kinalulugdan.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

**B** – Pinupuri ka namin, Panginoon ng Hesukristo!

**Homiliya**

**Sumasampalataya**

**B** – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa ki-naroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at

nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

### Panalangin ng Bayan

**P**— Inaalaala natin sa araw na ito ang pormal na pagpapahayag kay Hesus bilang “Ang Lingkod ng Panginoon” na magpapasan ng mga kasalanan ng mundo. Kalakip ang pasasalamat para sa kanyang kabutihang-loob, manalangin tayo:

**B**— Panginoon, dinggin mo kami!

\* Para sa buong Simbahang Katoliko at lalo na ang kanyang mga pinuno: Nawa ay maging mapagpakumbaba sila at magiging na mga “Lingkod ng Panginoon.” Manalangin tayo! **B**.

\* Para sa mga misyonero at lahat ng mga may kinalaman sa pagkakawanggawa: Nawa ang kanilang paglilingkod ay maging bukal ng kalinawagan at ganap na paglaya para sa lahat. Manalangin tayo! **B**.

\* Para sa mga bagong binyag, lalo na ang mga nasa tamang gulang: Nawa ay pagkaingatan nila ang pananahan ng Espiritu sa kanilang mga puso at laging kumilos ayon sa kanyang pag-uudyok. Manalangin tayo! **B**.

\* Para sa mga dukha, mga may karamdaman at mga walang hanapbuhay: Nawa ay matagpuan nila sa sambayanang Kristiyano ang pagtataguyod at tulong na kanilang kailangan. Manalangin tayo! **B**.

\* Para sa lahat ngayon dito’y natitipon: Nawa ay lagi tayong maging laging mulat na tayo rin ay anak ng Diyos at ang ating pag-uugali ay dapat laging kalugod-lugod sa Kanya. Manalangin tayo! **B**.

\* Tahimik tayong manalangin para sa ating mga pansariling kahilingan. (*Tumahimik sandali.*) Manalangin tayo! **B**.

**P**— Panginoong Hesus, sa iyong binyag, tinanggap mong pasanin

ang bigat ng aming mga kasalanan. Nawa’y pagaanin namin ang pasaning ito sa pamamagitan ng isang buhay ng bukas-palad na katapatan sa mga pangako sa aming binyag. Ikaw na nabubuhay at naghahari magpasawalang hanggan.

**B**— Amen!



**P**— Manalangin kayo. . .

**B**— Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

### Panalangin ukol sa mga Alay

**P**— Ama naming Lumikha, ngayong ipinagdiriwang ang pagpapahayag ng iyong kinalulugdang Anak, tanggapin mo ang aming mga alay upang ito ay maging paghahain ng kanyang mahabagang paghuhugas sa kasalanan namin sapagka’t siya’y kasama mo at ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**— Amen!

### Prepasyo

**P**— Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat na pamamagitan ni Hesuskristo na aming Panginoon.

Ang mga dakilang pahiwatig ng bagong pagsilang ay minarapat mong mahayag sa Ilog Jordan. Dahil sa iyong tinig buhat sa kalangitan, ang pakikipisan ng iyong Salita sa sangkatauhan ay amin ngayong sinasampalatayanan. Dahil sa Espiritung sa kanya’y lumukob na waring kalapating tagapagtaguyod, tinanghal siyang Mesiyas nami’t iyong Lingkod para ihatid ang iyong Balitang mga aba’y itatampok.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B**— Santo, santo, santo . . .

### Pagbubunyi

**B**— Aming ipinahahayag na na-

matay ang ‘yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.



**B**— Ama namin . . .

**P**— Hinihiling namin. . .

**B**— Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

### Paanyaya sa Kapayapaan

#### Paghahati-hati sa Tinapay

**B**— Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

### Paanyaya sa Pakikinabang

**P**— Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

**B**— Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

### Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Dito ay matatagpuan ang patotoo ni Juan. Kanyang pinatotohanan ang Anak ng Amang mahal na Panginoong Maykapal.

### Panalangin Pagkapakinabang

**P**— Ama naming mapagmahal, kaming iyong pinapakinabang ay maging mga anak mo nawa sa turing at sa katotohanan sa matapat naming pakikinig sa iyong Anak na aming Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**— Amen!



**P**— Sumainyo ang Panginoon.

**B**— At sumaiyo rin!

**P**— Magsiyuko kayo habang igi-nagawad ang pagbabasbas. (*Tumahimik sandali.*)

**P**— Nawa’y liwanagan kayo ng Panginoon.

**B**— Amen!



**P**—Nawa’y malasap ninyo ang kabaitan ng Diyos at patuloy kayong gumawa ng mabuti.

**B—Amen!**

**P**—Nawa’y maging matapat kayo sa inyong mga pangako sa

binyag sa lahat ng araw ng inyong buhay.

**B—Amen!**

**P**—Pagpalain kayo ng maka-pangyarihang Diyos: Ama at Anak at Espiritu Santo.

**B—Amen!**

**P**—Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.

**B—Salamat sa Diyos!**

## Kaisa ng mga Makasalanan Nang Sila’y Mailigtas sa Kasalanan

**M**alaking bahagi ng kasaysayan ng tao hanggang kay Hesuskristo ay malungkot na pagkakasunodsunod ng mga kasalanan. Nagsimula ito kina Adan at Eva, at lumala pa hanggang napilitan ang Diyos na “linisin” ang mundo sa pamamagitan ng isang malaking baha. (*Sangguniin Gen 6-9.*)

Gayunman, hindi rin nalutas ang problema, pagkat ang gawing magkasala ay natanim na sa puso ng bawat tao, gaya ng pinatunayan ng asal ng bunsong anak ni Noe at ng salaysay tungkol sa tore ng Babel. (*Sangguniin Gen 9:22 at 11:1-4.*)

Tinangka ng Diyos na lunasan ang sitwasyon sa pagtatakdang isang inapo ni Abraham ang magiging masunuring “Lingkod at Anak” na magtutuwid sa mga maling ginawa ng tao sa maraming siglo. Si Hesus ng Nazaret, ang nagkatawang-taong Anak ng Diyos, ang matagal nang hinihintay na Tagapagligtas.

Ngunit bakit kinailangan ng walang salang Mesiyas na ito na dumanas ng kahihyang pumilang kasama ng mga makasalanan para “magpabinyag kay Juan”? Pagkat ito ma’y bahagi ng kanyang misyon bilang “Tagapagligtas ng sanlibutan.”

Alam ni Hesus na misyon niyang iligtas ang lahat ng makasalanan sa pang-aalipin ni Satanas at ibalik sila sa kalayaan ng mga anak ng Diyos. Alam niyang ayon sa planong pagliligtas ng Diyos, kailangan niyang akuin ang mga kasalanan nila at pasanin ang bigat nito hanggang Kalbaryo. Alam niyang lahat ito, at sumagot siya ng “Oo.”

Nagsimula ang ganyang misyon sa sabsaban sa Betlehem, ngunit sa tubig ng Jordan pormal na ipinahayag ng “tinig” ang pagiging papel ni Kristo bilang “tagapasan ng krus” ng sangkatauhan at ang pagpapakilala sa kanya bilang Lingkod na tutubos sa mga tao sa pamamagitan ng kanyang pagkamatay. (*Sangguniin Isa 53:12.*) Sa gayon nakita

ng lahat na nakisama si Hesus sa mga makasalanan na nagpabinyag kay Juan. Sa gayon ding pagkakataon ipinahayag ng Diyos (“tinig buhat sa langit”): *“Ito ang minamahal kong Anak na lubos kong kinalulugdan.”* (Mt 3:17). Iyon ang pormal na “pagtatalaga” sa kanya bilang “Lingkod at Anak.”

Malaya at buong pagmamahal itong tinanggap ni Hesus sa pakumbabang pagsunod sa kalooban ng Ama. Kaya naman, lubos siyang kinalugdan ng Ama. (*Sangguniin t. 17.*) Malulugod din Siya sa atin kung tayo man, tulad ni Hesus, ay tapat na tutupad sa plano Niya para sa atin.

*Kilalanin pang lalong mabuti  
ang Mahal na Puso ni Hesus  
at ang pagtugon  
sa kanyang pagmamahal  
sa tulong ng ...*



Mabibili sa —

**Word & Life Religious Store,  
mga sangay ng National Bookstore,  
at iba pang piling tindahan  
ng mga aklat na panrelihiyon.**



**WORD & LIFE  
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: [www.wordandlife.org](http://www.wordandlife.org)

• E-mail: [marketing@wordandlife.org](mailto:marketing@wordandlife.org), [wordandlifepublications@gmail.com](mailto:wordandlifepublications@gmail.com) • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, Sr. F. Santos, SMI, G. Ramos, R. Molomog, D. Daguio,

V. David • Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: F. Edjan